

Ang Diyalektika
ng Pilosopiyang Filipino
batay kay Theodor Adorno



Jovito V. Cariño

Departamento ng Pilosopiya
Unibersidad ng Santo Tomas

Si **Cariño** ay propesor sa Departamento ng Pilosopiya, Unibersidad ng Santo Tomas. Kasalukuyan din siyang nag-aaral sa Paaralang Gradwado ng nasabing pamantasan para sa programang doktoral sa Pilosopiya. Liban sa kanyang mga interes sa pilosopikal na pananaliksik, masugid din siyang mag-aaral ng kultura, kasaysayan at panitikang Filipino.

Mga Susing Salita

*Pilosopiyang Filipino,
Theodor Adorno,
diyalektika ng Pilosopiyang Filipino,
pagsasapilosopiya ng Filipino*

Abstrak

Ang pilosopiyang Filipino ay karaniwang inilalarawan bilang pagsisiwalat ng katutubong kaisipan. Kaakibat nito ang paghimok ng paggamit ng wikang Filipino tungo sa paghahanap ng pananaw na sariling-atin bilang patunay na ang logos ay umusbong din sa ating sariling kalinangan. Bagamat hindi matatawaran ang mga nakamit na ng pagsisikap na ito, naninindigan pa rin ako na ang pilosopiyang Filipino, bilang isang lehitimong pilosopikal na diskurso, ay hindi dapat ituring na kasangkapan lamang sa pagbuo ng identidad o kaya tulay lamang upang buhayin muli ang pambansang gunita ng isang lumipas na hindi pa nadudungisan. Kung nais nating palawakin ang ating kakayanang mamilosopiya bilang mga Filipino, hindi natin dapat hayaan ang pilosopiyang Filipino na makulong sa diskurso ng identidad o nasyonalismo. Mas magiging makabuluhan ang panukalang ito kung aalahanin natin na ang sarili bilang isang konsepto ay malaon nang problematiko. Sa papel na ito, sinikap na ilapat ang mga kaisipan tungkol sa diyalektika ni Theodor Adorno sa pagbabakasakali na makasumpong ng iba pang posibilidad para sa pilosopiyang Filipino. Naging gabay sa pagtalakay ang tanong na: May pupuntahan ba ang pilosopiyang Filipino liban sa diskurso ng sariling-atin? Nananalig ang papel na ito na may puwang pa ang pilosopiyang Filipino sa labas ng tunggalian ng Silangan at Kanluran, ng katutubo at ng dayuhan, ng atin at ng hiram. Sa panahon na tuluyan nang binago ng globalisasyon ang ating tradisyonal na pag-unawa tungkol sa pagkabansa, kultura at akademikong disiplina, hindi na maikakaila pa ng mga tagapagsulong at mananaliksik ng pilosopiyang Filipino ang pangangailangan na muling usisain kung sino nga ba tayo bilang Filipino habang sinisikap nating gawing mas makabuluhan pa ang pilosopiya sa ating kasalukuyang panahon.



Introduksyon

Kapag pinag-usapan ang Filipino at pilosopiya, mas madalas na nakapaloob ito sa diskurso ng pagsasa-Filipino ng pilosopiya. May dalawang posibleng kahulugan ang katagang nabanggit: una, may kinalaman ito sa paghahanap ng isang uri ng diwa na maka-Filipino; ikalawa, tumutukoy ito sa pagsisikap na itampok ang ilang elemento ng kalinangang Filipino na maituturing na pilosopikal. Sa larangang ito, masasabi nating malayo na ang narating ng pananaliksik tungkol sa pilosopiyang Filipino. At dahil malayo na ang narating, mas mabigat ang dahilan na ito'y sariwain upang halungkatin ang iba pang aspekto na maaaring nangangailangan ng pansin o kaya ay muling pag-usisa. Bahagi ito ng pagiging kritikal sa sarili at kung ang pilosopiyang Filipino ay tunay ngang pilosopiya, marapat lamang na sumailalim ito sa ganitong proseso dahil sa tingin ko, bagaman may narating na, problematiko pa rin ang katagang pilosopiyang Filipino. Problematiko ito lalo pa't kung ang pakahulugan natin dito hanggang ngayon ay ang pagsasa-Filipino ng pilosopiya. May dalawa akong dahilan kung bakit ko nabanggit na ito ay problematiko: una, ito ay batay sa palagay na nagsasabing ang Filipino ay isang buo at ganap nang konsepto at dahil dito, ang kinakailangan lamang ay ilapat ang pilosopiya sa Filipino at magkakaroon na tayo ng pilosopiyang Filipino. Hindi man aminin, ang ganitong kaisipan ay lantay ng metapisikal na pagpapalagay tungkol sa kung ano nga ba ang Filipino. Ang pagpapalawig ng ganitong pananaw, ibig sabihin, ay tuwirang pagsusulong ng pag-iral ng isang metapisikal na kaisipan. Ang ikalawang dahilan ay may kinalaman sa layon ng pagsasa-Filipino ng pilosopiya. Mas madalas, ito ay nakadikit sa ating pagsisikap na itanghal ang sariling-atin. Problematiko ito dahil ang sarili, bilang isang konseptong pilosopikal, ay problematiko din. Ang sarili ay nakapaloob sa pilosopikal na diskurso ng *Enlightenment* na ayon kay Adorno (*Dialectics* 1-34) ay isang mapaniil na ideolohiya at sa pagsisikap nating ilathala ang sariling-atin, hindi natin talaga napapalaya ang ating sarili bagkus pinapaigting pa ang karanasan ng ating pagiging sakop sa pamamagitan ng ating di-malay na pagsang-ayon sa isang mentalidad na mapanlupig.

Ang papel na ito, na tumutukoy sa katanungang, *May pupuntahan ba ang pilosopiyang Filipino liban sa diskurso ng sariling-atin?* ay isang pagsisikap na maghanap ng alternatibong diskurso para pilosopiyang Filipino na lampas pa sa konteksto ng nasyonalismo. Upang maging mas mabunga, hindi siguro marapat na maipit lagi ang pamimilosopiya sa tagisan ng Silanganin at Kanluraning kaisipan. Hindi rin ako sang-ayon na maging tagapagsalita lamang ng nasyonalismo ang pilosopiya sapagkat ang tungkulin ng pilosopiya ay hindi ang pagsang-ayon kundi ang paglikha, pagpipino, paghahasa at pagtuligsa ng mga kaisipan, luma o bago man. Sa bagay na ito, sinusundan ko si Theodor Adorno na nagpanukalang ang pamimilosopiya ay hindi dapat na magbukal mula sa katwiran at sa paghahanap ng katwiran kundi sa pagkamulat sa mga karanasan at kalagayan natin na sadyang taliwas sa katwiran (*Negative Dialectics* 11). Hindi sa loob kundi sa labas ang sinapupunan ng pilosopiya.



Upang isakatuparan ito, ipinapanukala ko ang pagsasa-pilosopiya ng Filipino sa halip ng pagsasa-Filipino ng pilosopiya bilang alternatibong diskurso na magsusulong ng pilosopiyang Filipino.

Ang katagang pagsasapilosopiya ng Filipino ay isang pagtatangka na sumalungat o tumaliwas sa akala na maisasa-Filipino ang pilosopiya. Maaaring oo sa bandang huli, subalit sa tingin ko, magaganap lamang ito kung una muna nating susuriin kung ano nga ba ang Filipino at ayon sa panukalang pilosopikal ni Adorno, matatagpuan natin ito sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa labas ng Filipino sa halip na sa kanyang loob.

Pilosopiya at Nasyonalismo

Sa isang papel na una ko nang isinulat (“Re-thinking Filipino Philosophy”), ipinanukala ko na ang pilosopiyang Filipino hanggang ngayon ay nakapaloob pa rin sa diskurso ng nasyonalismo, ibig sabihin, sa pananaliksik at pagsisiwalat ng sariling-atin. Ipinalagay ko rin na ang bukal ng nasyonalistang tradisyon na ito ay nagbuhat kay Rizal, hindi sa kanyang Noli, hindi sa kanyang Fili, hindi sa ano pa mang lathalain niyang politikal kundi sa kanyang anotasyon ng aklat ni Fray Antonio de Morga na pinamagatang *Sucesos de las Islas Pilipinas*. Dito sa aklat na nabanggit, tuwirang tinuring ni Rizal ang dakilang nakaraan ng Pilipinas na nasira sa pagdating ng mga banyaga. Kailangan daw lamang na balikan at papanariwain ang nasabing dakilang lumipas sa pamamagitan ng pagpawi ng anumang bahid ng impluwensyang dayuhan. Ang direksyong ito na inihain ni Rizal ang siyang magtatakda ng pangkalahatang tunguhin ng pag-aaral tungkol sa kalinangang Filipino hanggang sa mga susunod pang henerasyon. Hindi katakata na sa paglaganap ng kampanya tungo sa mas marubdob na nasyonalismo na higit na naramdaman noong dekada sisenta, sitenta hanggang otsenta, hindi nagpahuli ang pilosopiya sa pagpapakita ng kanyang angking galing sa larangan ng pananaliksik at pagsisiwalat ng sariling-atin (Quito 40-43). Saksi dito ang mga kilala na nating institusyon sa larangan ng pilosopiyang Filipino gaya nina Quito, Timbreza, Mercado at Ceniza. Sa panulat ng mga nabanggit na maestro, mababasa ang malinaw na pagsusog sa nauna nang pahiwatig ni Rizal: na tayo ay may diwa at kalinangang sariling-atin; kinakailangan lamang na ilantad ito at ikalat upang patunayan na hindi tayo dahop sa talino at kalinangan. Hindi natin kailangan pang lumingon sa kanluran upang matutong mamilosopiya sapagkat ang pilosopiya ay maaaring magmula dito mismo sa atin. Kailangan lamang na ito ay halungkatin at bigkasin upang mabigyang buhay.

Sa naturang papel, ipinanukala ko na ang pag-angkop ng pilosopiyang Filipino ng nasyonalistang diskurso ay mahirap panghawakan sa kadahilanang nakabatay ito sa dalawang problematikong batayan: ang pagka-Filipino at ang pagsisiwalat ng sariling atin.

Problematiko ang posisyon ni Rizal tungkol sa pagka-Filipino sapagkat

HASAAN

ito ay nakabatay sa isang metapisikal, esensyalistang turing sa kung ano at kung sino ang Filipino. Bilang konsepto man o bilang tao, naniniwala si Rizal na ang Filipino ay ganap na at buo, higit sa lahat totoo sa habang panahon – kahapon, ngayon at bukas. Tinatalikuran ng palagay na ito ang katotohanan na ang Filipino ay likha ng kasaysayan. Hindi siya buo o ganap na, subalit isang pangyayari na patuloy na nabubuo at patuloy na nagaganap sa paglipat at paglipas ng panahon.

Ganito rin ang taya ko sa sinasabing katungkulan ng pilosopiya na bigyang tinig ang sariling-atin. Marupok din ang pundasyon ng palagay na ito dahil nakapaloob ito sa diskurso ng sarili na siyang sinusulong ng mga tagapagtaguyod ng ideolohiya ng Enlightenment, ang mismong ideolohiya na naglunsad ng pagpapalawak ng Europa sa iba't ibang sulok ng mundo kasama na ang Pilipinas. Maituturing na ang pagpapaibayo ng Europa ng kanyang kapangyarihan sa Hilaga at Timog Amerika, kasama na ang Gitnang Asya, Gitnang Silangan at Timog Asya ay isang malawakang kampanya tungo sa pagpapalawig ng sakop ng kanyang sarili sa pamamagitan ng sapilitang paghulma ng ibang bansa at kultura sa kanyang anyo. Kaya nga ang paggamit ng pilosopiya bilang kasangkapan upang hanapin kung ano ang sariling atin ay isang di-tuwirang pagsusog sa ganitong ideolohiya. Patibay ito ng isang hindi malay na pagtanggap na ang sariling ipinakilala ng mga mananakop ay isang buhay na kapangyarihan pa hanggang ngayon at ang tanging paraan lamang upang makawala sa ating gapos ay ang itambad ang katotohanan na tayo rin ay may sariling-atin. Wala tayong kamalay-malay na sa ganitong uri ng diskurso, mas pinapalawig pa natin ang ating pagiging sakop o suheto dahil para bang sinasabi nating tama lang at marapat ang diskursong siya mismong naging susi ng ating pagkagapi.

Dahil dito, bagamat mahigpit na tinututulan ni Renato Constantino (*Veneration without Understanding*) si Rizal bilang imahen ng nasyonalismo, sa bandang huli, wala rin naman talaga silang pinag-iba sa isa't isa. Kapwa kasi sila naninindigan para sa nasyonalismo at kapwa rin sila gumagamit ng nasabing diskurso. Kapwa rin sila impluwensyal na bukal ng nasyonalistang pilosopiya na kinikilala natin bilang pilosopiyang Filipino. Kung ang pilosopiya ay pagpapalaya ng kaisipan at ang Filipino ay naghahanap ng nasabing kalayaan, marapat lamang siguro na maghawan tayo ng alternatibong daraanan. Tinatawag ko ang alternatibong daan na ito na pamimilosopiya mula sa labas. Kung ang pilosopiya ng Enlightenment ay nagtatampok sa katuwiran, ibig sabihin, sa tuwid na daan, posible marahil na ang alternatibong daan ay matagpuan sa pamimilosopiya mula sa mga katotohanan at pangyayaring labag sa katwiran, ibig sabihin, sa kabaligtaran nito, sa tuwad na daan. Hindi na ito lihim at alam na natin itong lahat: maraming lamat ang ating pagiging Filipino. Posible marahil na sa halip na maghanap tayo ng katwiran na magpapatibay sa kung sino tayo o magpapakilala sa mundo ng sariling-atin, mas makatutulong siguro kung hahanapin muna natin at kikilalanin ang mga bantad na paglabag

at pagtalikod sa katwiran na siyang pinagmumulan ng mga lamat ng ating sarili, ng pamilya at lipunan sa pangkalahatan. Ito ang isang bagay na sa tingin ko ay hindi natin magagawa kung tayo ay mamimilosopiya mula sa loob kung saan lahat ay maayos, maganda, totoo at matuwid. Kung durungaw lamang tayo kahit sandali, tatambad sa atin ang kabaligtaran ng lahat ng ito sa labas. Dito marahil marapat magbuhat ang pamimilosopiya sa isang bansa kung saan ang paglihis sa daan ng katwiran ay bahagi ng buhay araw-araw.

Si Theodor Adorno at ang Pamimilosopiya Mula sa Labas

Ang pilosopiya mula sa labas ang ibig sabihin ng tinutukoy kong pagsasapilosopiya ng Filipino. Pangunahing hangarin nito ang maisulong ang pamimilosopiya sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaibahan ng katwiran mula sa loob at paglihis sa katwiran na nangyayari sa labas. Ang ganitong pamimilosopiya ay nagtuturo sa atin na hindi ang isip ng tao ang pinagmumulan ng katotohanan kundi ang mga nagaganap na laging higit pa sa gagap ng isip ng tao. Ibig sabihin, ang katotohanan ay isang historikal na karanasan at hindi isang konsepto na dahil laging nasa loob ay walang pangambang masalang sa kawalan ng katiyakan ng mga tunay na pangyayari. Ano mang konsepto o teorya na likhain ng isip ng tao ay mananatiling isang imahen lamang ng mga nagaganap at hindi ang kahulugan nito. Ang mga salita ay hindi isang patibong o butas kung saan maaaring mahulog ang pangyayari (“Theses” 36-37). Lalong hindi maaaring mahulog ang pangyayari sapagkat ito ay laging umaagos, kumikilos, nagpapatuloy sa iba’t ibang direksyon. Walang iisang lugar kung saan maaari itong mahulog. Hindi kailanman matitiyak ang kanyang kahuhulugan. Hindi ito kayang saluhin lalo pa ng mga marurupok na salita.

Ganito kung paano tinuran ni Theodor Adorno ang pilosopiya. Malinaw para sa kanya na ang pilosopiya ay isang lenggwahe ng pagkakaiba (*Negative Dialectics* 144-145). Tutol si Adorno sa paniniwala na maaaring masakop ng isip ng tao kung ano ang nasa labas o makatulad o makapantay kaya. Hindi ang labas ang nahuhulog sa isip ng tao; sa halip ang isip ng tao ang mas malamang na mahulog sa labas o maligaw kaya. Kung tutuusin, takot ang isip ng tao sa labas dahil sa taglay nitong lawak at kasukalan. Pilit pinagtatakpan ng tao ang takot na ito sa pamamagitan ng paglalarawan o pagbibigay ng pangalan sa kanyang mga naririnig, nakikita, nararanasan mula sa labas (*Dialectics of Enlightenment* 10-11). Sa simula, ang paglalarawan na ito ay nakapaloob sa iba’t ibang mitolohiya na kinagisnan natin mula pa sa kani-kanyang sinaunang kalinangan. Nakapaloob sa mga mitolohiyang ito ang mga naunang pagtatangka ng tao na paamuin ang nasa labas nang sa gayo’y mapasailalim ito sa kanyang kapangyarihan. Kinatatakutan ng tao ang hindi niya alam kaya gayun na lamang ang pagsisikap niya na malaman ang lahat upang wala na siyang katakutan. Ang taong walang kinatatakutan ay siyang hari at panginoon ng lahat. Ito ang pangarap ng sangkatauhan na nagbunsod sa pagsisikap nitong sakupin

HASAAN

ang labas ng kanyang isip. Bandang huli, ang mga katutubong mitolohiya ay naging agham at matematika, ang mga modernong lenggwahe ng katwiran ng tao. Sa pamamagitan nila, pumailanlang ang isip ng tao. Ang katwiran na dating nasa loob lamang, ngayon ay nangangarap na itulad sa kanya ang lahat ng nasa labas, abot man o hindi ng kanyang tanaw. Ito ang naging bagong diyos na naghahangad na likhaing muli ang lahat ng bagay bilang kanyang kawangis (*Dialectics of Enlightenment* 8-9). Mas malawak ang abot ng kaalaman ng tao, mas ganap ang kanyang tagumpay at ito ang tagumpay na ipinagdiriwang ng Enlightenment, ang pamagat ng kasaysayan ng modernong panahon.

Ayon kay Adorno, ang panahon ng mitolohiya at ang panahon ng Enlightenment ay hindi magkahiwalay na yugto (*Dialectics of Enlightenment* xviii). Sa mitolohiya ay mababanaagan na ang Enlightenment sa kasagsagan ng pantasya ng tao na masakop ang labas, ang kumakatawan ngayon sa makabagong mitolohiya, sa mitolohiya ng kapangyarihan ng isip ng tao (*Dialectics of Enlightenment* 18-28). Nangako ang mitolohiyang ito na magbubukas ng bagong panahon ng kasaganaan, ginhawa, kasiyahan at kapayapaan subalit kabaligtaran ang bungang inani ng sangkatauhan sa modernong panahon. Sa halip ng mga nabanggit, gutom, paghihirap, digmaan at pagkakawatak-watak ang naging bunga ng maganda sanang simulain. Ang rurok ng bangungot ng Enlightenment ay walang iba kundi ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na para kay Adorno ay kinakatawan ng Auschwitz (“Meditations” 84-88). Ang Auschwitz ay ngalan ng pinakamalaking kampo na ginamit ni Hitler at ng partidong Nazi upang kitilin ang buhay ng milyon-milyong Hudyo sa kasagsagan ng nasabing digmaan. Bilang isang Hudyo, tumimo sa gunita ni Adorno ang Auschwitz bilang isang malagim na paalaala ng makabagong barbarismo na inilunsad Enlightenment sa anyo ng modernong sibilisasyon (*Dialectics of Enlightenment* 15) Kung ang Enlightenment ay kwento ng walang patumanggang pagsisikap ng tao na iwangis sa kanyang isip ang lahat ng nasa labas, ang Auschwitz ay tumatayong saksi sa kabangisan na kayang gawin ng tao upang iwaksi ang anomang uri ng kaibahan o di pagkakatulad sa itinakda ng kanyang isip. Matatandaan na ang tanging naging krimen ng mga Hudyo noong panahon ng digmaan ay ang hindi nila pagkakawangis sa mga Aleman. Ang di-pagkakatulad sa sarili ng mga Aleman na inaakala ni Hitler na pinakadakilang lahi sa buong mundo ang naging dahilan upang sa pagsasara ng digmaan, tinatayang halos anim na milyong Hudyo sa Europa ang sistematikong nalipol sa tulong ng makabagong agham at teknolohiya na ginamit ni Hitler at ng kanyang mga tagasunod. Si Hitler ay isang mukha lamang sa listahan ng iba’ t ibang barbaro na sumulpot sa modernong panahon at nagtangkang pilit na iwangis ang nasa labas sa panukala ng kanyang sarili. Liban sa kanya, maaalala rin ang mga pangalan ni Stalin ng Russia, Mussolini ng Italya o Pol Pot ng Cambodia. Ilan lamang sila na nagbigay ng mukha sa panlipunan at politikal na aspekto ng pagpipilit ng tao na gawing pamantayan ng labas ang kanyang kaisipan. Nasilip na natin ang ganitong pangitain sa cogito ni Descartes hanggang sa transcendental ego ni Kant hanggang sa mabigyan ito ng mas ganap na pagpapaliwanag sa Geist

ni Hegel. Si Hegel, para kay Adorno, ang maituturing na pinakatampok na tagapagtaguyod ng pilosopiya ng pagkakamukha (*Dialectics of Enlightenment* 6-18). Sa anyo ng Geist, ang katwiran ang naging unibersal na kapangyarihan na siyang sasakop at sasaklaw sa lahat. Papaloob ang lahat ng nasa labas sa Geist at lahat ay magliliwanag at maipaliliwanag. Wala nang iiral na paglihis at pagwaksi. Wala nang maiiwan sa labas. Ang lahat ay mabibigyan ng kaayusan at linaw ng iisang kahulugan, ng iisang katwiran. Sa loob ng nag-iisang katwirang ito, magkakasama ang lahat sa iisang hulmahan: ang lahat ay magiging magkakamukha.

Sa madaling salita, sangkot ang pilosopiya sa pagpapalawig ng barbarismo na ipinunla at iniluwal ng modernong sibilisasyon. Pinatunayan na ng kasaysayan na hindi tama ang pilosopiya; sa halip, may tama ang pilosopiya. Makatwiran bang talikuran na lamang ang katwiran? Makabubuti bang bitawan na lamang ang pilosopiya? Hindi ang tugon ni Adorno at dito siya lumihis sa panukala ni Karl Marx. Ayon kay Marx, dapat talikuran na lamang ang pilosopiya dahil mas kailangang baguhin ang mundo sa halip na kilatisin ito ("Metaphysics" 34-35) Ayon kay Adorno, dapat na ituloy ang pamimilosopiya dahil walang makakapagligtas sa pilosopiya kundi pilosopiya din mismo. Karugtong ito ng paniniwala ni Adorno na ang lunas sa karamdaman ng Enlightenment ay sa Enlightenment din matatagpuan. Ito ang katangian ng pag-iisip ni Adorno. Ang kanyang pamimilosopiya mula sa labas ay hindi nangangahulugan na dapat paboran lamang ang labas laban sa loob o kaya'y dapat iwaksi ang loob at labas lamang ang dapat na bigyang- pansin. Ang kanyang kritika laban sa Enlightenment ay hindi nangangahulugan na laban siya sa Enlightenment (Simon 23). Para kay Adorno, anumang uri ng pag-iisip na naghahangad na magwaksi, magsantabi o magpatahimik sa isang tinig ay kaisipang nanggagaling sa sarili, sa katwiran, ibig sabihin, sa daang matuwid o ang paniniwala na ang totoo ay makikita lamang sa iisang pananaw. Hindi magkalaban ang loob at labas, ang sarili at di-gaya-ng-sarili, ang katwiran at di-gaya-ng katwiran subalit hindi rin sila magkamukha. Magkaiba sila at ang relasyon na ito ng pagkakaiba ang dapat na laging isaalang-alang ng pilosopiya (*Negative Dialectics* 146-150). Ang pagkakaiba ng sarili sa di-gaya ng sarili ang tinatawag ni Adorno na negatibong diyalektika. Labag ito sa diyalektika ni Hegel na nagsabing ang tagumpay daw ng pilosopiya ay magaganap kapag ang sarili at ang di-gaya-ng sarili, ang katwiran at di-gaya-ng-katwiran, ng loob at labas ay maging isa bandang huli. Binaligtad ni Adorno ang diyalektika ni Hegel kaya tinagurian niya ito na negatibong diyalektika at ang layunin nito ay ang isiwalat hindi ang balang-araw na pagsasanib ng katwiran at di-gaya-ng-katwiran, ng sarili at di-gaya-ng-sarili, ng loob at labas kundi ang permanenteng pagkakahiwalay o pagkakaiba nila. Hindi magiging isa ang katwiran at di-gaya-ng katwiran, ang sarili at di-gaya-ng-sarili, ang loob at labas; hindi sila magsasanib. Mahirap mang tanggapin, hindi sila magiging sila. Ang loob ay mananatiling loob at ang labas ay habang buhay na nasa labas. Ang kanilang ugnayan, sabi nga ng isang kanta ni Joey Ayala, ay isang walang hanggang paalam. Ito ang panukala ni Adorno



HASAAN

na lunas para sa pilosopiya. Dahil walang yugto kung saan maaaring magtagpo ang sarili at di-gaya-ng sarili, ang katwiran at di-gaya-ng-katwiran, ang loob at labas, mananatiling lantay ng lamat ang pilosopiya. Ang kilalanin at tanggapin ang lamat na ito ang siyang pagmumulan ng lunas para sa pilosopiya. Ang tagumpay ng pilosopiya at ng Enlightenment sa pangkalahatan ay nakasalalay sa kanyang kakayahan na tanggapin ang katotohanan na mas makitid ang isip ng tao kaysa sa inaakala natin; tanggapin na may puwang sa pagitan ng totoo at hindi-totoo, sa pagitan ng tama at hindi-tama, sa pagitan ng katuwiran at hindi-makatuwiran. Hindi matatawid ng isip ng puwang na iyon. Walang bangka na masasakyan ang kategorya o teorya na makatatawid sa magkabilang pampang.

Ang Negatibong Diyalektika at ang Pagsasapilosopiya ng Filipino

Mahalagang bigyang-diin, bago ko talakayin ang pagsasapilosopiya ng Filipino, na hindi tahasang winawaksi ng negatibong diyalektika ni Adorno ang loob o sarili o katwiran. Hindi lamang sang-ayon si Adorno sa pamimilosopiya na nagsisimula sa katiyakan ng loob o sarili o katwiran at lalong tutol siya sa pagpapasailalim ng labas sa kunwaring katiyakang ito. Mahirap makatiyak tungkol sa loob o sarili o katwiran. Anumang kaalaman na hawak natin ay hindi talaga masasabing kaalaman kundi pawang mga akala o hula lamang dahil kahit ang mga bagay na kinakawing natin sa loob o sarili o katwiran ay umaasa rin lamang sa ating kondisyon sa labas. Wala tayong makikita sa loob na hindi nagmula o bunga ng labas. Kung labas din lamang ang salalayan ng lahat, marapat lamang, ayon kay Adorno, na labas ang maging simula ng pamimilosopiya. Sa bagay na ito, sinusundan niya si Spinoza na nauna nang nagsabi na ang ating kamalayan ay ayon lamang sa kung ano ang nalalaman natin tungkol sa ating katawan, ibig sabihin, sa ating panlabas na kalagayan (Spinoza). Kaya nga sa diskurso ng negatibong diyalektika, ang dapat itanong ng isang namimilosopiya ay hindi kung ano ang kahulugan ng isang bagay kundi kung ano ang kalagayan nito. Ang tanong sa kahulugan ay patungkol sa loob; ang tanong sa kalagayan ay nakatuon sa labas. Kung susundan natin si Adorno, ang marapat na maging pakay ng pilosopiyang Filipino ay hindi pagsisiwalat kung ano ang sariling-atin kundi ang pananaliksik kung ano ang kalagayan natin. Ang sarili ay walang kamalayan tungkol sa kanya. Nakikilala lamang niya kung sino siya kung siya ay titingin sa labas bilang kanyang salamin. Ito ang dahilan kung bakit para kay Adorno, ang pundasyon ng pilosopiya ay hindi dapat katwiran o sarili o loob, kundi sosyolohiya. Ayon sa kanya, ang ating kalagayang panlipunan ay hindi nagkataon lang o isiningit sa pilosopiya kundi bahagi mismo ng kanyang sariling lohika (“Metaphysics” 132).

Ang hamon sa pagsasapilosopiya ng Filipino ay siyang hamon ng pilosopiyang ipinapanukalani Adorno sa pamamagitan ng negatibong diyalektika. Ito ang pilosopiyang hindi takot masangkot sa kalituhan o mamantsahan ng dumi o kaya ay tumawid sa tulay ng walang katiyakang katotohanan. Ang unang

hakbang ng pagsasapilosopiya ng Filipino ay hindi paghahanap ng sagot sa problema kundi ang pagturing sa bawat nakagisnang sagot bilang isang tanong. Hindi ito pagyakap sa liwanag kundi pagdungaw sa dilim. Hindi pag-ilanlang sa alapaap kundi paglusong sa putikan. Nagsisimula ito hindi sa tanong kung ano ang Filipino o kung sino ang Filipino kundi nasaan ang Filipino. Alinman sa naunang dalawang tanong ay nagpapahiwatig na mayroong iisang sagot sa problemang nakahain at ang sagot na iyon ay maidudulot sa pamamagitan ng depinisyon o kahulugan. Samantalang ang pagtatanong kung nasaan ang Filipino ay isang pag-amin na hindi pa siya nakikita o nakikilala. Imbitasyon ito upang siya ay sipatin. Pambungad ito sa paghahanap. At gaya ng isang bagong salta sa isang lugar, ang tanging batid ng isang namimilosopiya ay hindi niya lubos na alam ang kanyang pupuntahan. Kailangang magtanong-tanong at sa kanyang pagtatanong, kailangang bukas sa labas ang kanyang atensyon.

Mahirap gamitin ang pilosopiya upang lutasin ang tanong na sino ang Filipino o kaya itambad ang sariling-atin. Isang sulyap lamang sa labas at makikita natin kung gaano karami ang maaaring maging posibleng sagot sa tanong na ito at kung paanong wala ni isa man sa kanila ang maaaring maging tama. Ang hangarin na gawing bibig ang pilosopiya ng pagsisiwalat ng sariling-atin ay kailangan ng masusing kritika. Mapapansin ang likas na pagiging sarado o eksklusibo ng nasabing kataga: sarili na, atin pa. Ipinapalagay ng ganitong ekspresyon na ang sarili ay tila isang yaman sa loob ng kaban at ang tanging kailangan lamang ay mabuksan ito upang makilala. Itinuturing nito ang sarili bilang lihim.

Nauna ko nang binanggit na si Adorno ay hindi laban sa nosyon ng sarili. Tinututulan niya ang palagay na nagtatampok sa sarili sa simula ng kasaysayan gaya ni Descartes o sa wakas ng kasaysayan gaya ni Hegel o kaya angat sa kasaysayan gaya ni Kant. Para kay Adorno, ang saysay ng sarili ay nasa kasaysayan. Wala ito sa simula o katapusan, lalong hindi ito angat sa kasaysayan gaya ng isang haring nagmamando lamang mula sa kanyang luklukan. Pangyayari ang sarili, nangyayari at nangyayaring paulit-ulit. Nakasiksik ito sa kasaysayan, sa pagitan ng bawat simula at katapusan.

Hindi masasabing ganap na ang ating sarili bilang mga Filipino bago pa dumating ang mga Kastila gaya ng pagdidiin ni Rizal. Hindi rin nalabag ang paglikha sa sarili ng mga Filipino sa pagdating ng mga Amerikano gaya ng tinuturing ni Constantino. Walang padron sa pagka-Filipino dahil ang pagiging Filipino ay isang pangyayari na hindi sa loob kundi sa labas nangyayari. Ang Filipino ay binubuo ng iba't ibang salik ng kasaysayan. Kahit ang salitang "Filipino" ay likha ng kasaysayan. Bago ang salitang Filipino, tayo ay mga Tagalog, Tausug, Malay, Intsik, Muslim; bahagi tayo ng iba't ibang komunidad na nakakalat sa iba't ibang isla, kapatagan, kabundukan at mga pampang na balang araw ay kikilalanin bilang Pilipinas. May nanatili at nagbabago sa kasaysayan, may nadadagdag at nababawas, may napupuksa at isinisilang at lahat ng ito ay dinadaan ng pagka-Filipino. Ang pagka-Filipino ay hindi isang himpilan

HASAAN

kung saan tumitigil at nagtatagpo ang iba't ibang sangkap. Ang pagka-Filipino ay ang daluyan mismo ng mga salik habang ang Filipino mismo ay sumasabay sa daloy ng kasaysayan. Dahil dito, sadyang mahirap magsimula ng isang diskurso na ang tunguhin ay paglalantad ng sariling-atin. Anumang atin ay kanila rin at anumang sarili ay hindi buo kundi laging binubuo pa lang sa pandayan ng panahon. Ito ang isang bagay na mahirap hanapan ng katwiran o kaya hanapan ng patunay mula sa argumento ng loob. Walang iisang lohika na maaaring sumakop sa yaman at kumplikasyon ng pagka-Filipino na totoo lamang dahil ito ay nangyayari sa labas. Sa halip, ang labas ang sumasakop sa pagka-Filipino dahil ito ang pinangyayarihan ng lahat. Hindi mabibigyan ng katwiran ang pagka-Filipino sa pamamagitan ng pagsusulong ng tagisan sa pagitan ng katutubo at dayuhan o ng Silangan laban sa Kanluran. Ang pagka-Filipino ay ang palagiang pagtawid sa kung ano ang katutubo at kung ano ang dayuhan, sa bahagi ng Silangan at panig ng Kanluran at sa palagiang pagiging malay na alinman sa dalawa ay hindi sumasakop o nagpapasakop sa isa't isa. Ito ang dahilan kung bakit si Rizal na laban sa Kastila ay gumagamit ng wikang Kastila o si Constantino na laban sa Amerikano ay gumagamit ng Ingles. Kapwa nila batid na kailangan nilang tumawid paroon at pabalik at paroon at pabalik muli upang bigyang buhay ang kanilang pagka-Filipino. Kaya nga ang nasyonalismo bilang isang konseptong nagtatanggol ng sariling-atin lamang ay hindi maituturing na totoo ang nagsusulong ng pagiging malaya. Sa kabaligtaran, pinapakitid pa nito ang ating kaisipan sa pamamagitan ng paglikha ng mga bakod na humaharang sa ating pananaw na magpapakita sana sa atin ng labas kung saan naroon ang mga katotohanang iba sa atin. Hindi kalaban ang iba, lalong hindi ito dapat katakutan. Hindi dayuhan ang katunggali ng katutubo; hindi Kanluran ang kaagaw ng Silangan. Ang dapat nating katakutan ay ang pag-iisip na isa lamang sa kanila ang dapat mamayani at ang sarili ay matatagpuan lamang sa dulo o simula ng pamamayaning ito. Matatandaang ito ang kaisipang lumikha sa Auschwitz at iba pang mga bantayog ng karahasan sa iba't ibang bansa at iba't ibang yugto ng kasaysayan: sa Gulag ng Russia, sa Killing Fields ng Cambodia, sa Apartheid ng Africa, sa Cultural Revolution ng China, sa Desert Storm at Shock and Awe sa Baghdad, sa Ku Klux Klan ng Amerika, sa etnikong digmaan sa Bosnia at Serbia.

Sa panahong ang mga bansa ay halos naging magkakapitbahay na lamang dahil sa bilis teknolohiya ng komunikasyon at transportasyon; sa panahong ang paglilipat-lipat ng bansa at pagpapalit ng nasyonalidad ay ordinaryong bahagi na lamang ng modernong pamumuhay; sa panahon na halos 10 milyong Pilipino ang naninirahan sa labas ng bansa at dumaragdag pa rito ang mga Pilipinong isinisilang sa ibang panig ng mundo bunga ng pakikipagrelasyon ng mga Pilipino sa ibang lahi, mahirap panaligan ang isang diskurso o konsepto na magbubukod tangi sa atin. Sa paliwanag ni Fernando Zialcita, ang sarili ay sabay na isa at iba. Hindi tayo ganap na isa; lalong hindi tayo ganap na iba. Ang hamon sa diskurso, partikular sa pilosopiya, ay ipagpatuloy ang kritikal na pagmamatyag sa diyalektikang ito. Dito rin magmumula ang pagsasapilosopiya

ng Filipino.

Konklusyon

Ipinapakita ng papel na ito ang puwang para sa isang alternatibong paraan ng pagsusulong ng pilosopiyang Filipino. Hango sa kritikal na teorya ni Theodor Adorno, ang nasabing alternatibo ay nagpapanukala na ang pilosopiyang Filipino ay maaari ding tingnan hindi lamang bilang pagsasa-Filipino ng pilosopiya kundi bilang pagsasapilosopiya ng Filipino. Tinawag itong pagsasapilosopiya ng Filipino sapagkat hangad nitong dumulog sa Filipino, sa anyong tao man o konsepto, bilang buhay na katanungan at hindi kasagutang ganap na. Ang pagsasapilosopiya ng Filipino ay pagsalang sa Filipino sa gilingan ng pag-uusisa at pananaliksik. Nais nitong gawin ang Filipino bilang isang temang pilosopikal, isang tema na pag-uusapan at pagtatalunan pa lamang mula sa mga retaso ng kanyang katotohanan na matatagpuan sa lipunan. Upang isakatuparan ito, mahalaga na ang pamimilosopiya ay magmula sa labas at hindi sa loob. Ang loob ay kumakatawan sa paniniwala na ang Filipino, tao man o konsepto ay may angking kabuuan. Tumutukoy ito sa ating pagsisikap na bigyan ng kahulugan o katwiran ang ating pagiging Filipino sa pamamagitan ng pagtatampok ng sariling-atin. Sa nagdaang pagtalakay, ipinakita na ang ganitong uri ng diskurso, bagamat makabayan, ay hindi nagsusulong ng pilosopiya o pagiging-Filipino. Sa halip na palawakin ang abot ng ating tanaw, pinapakitid nito ang ating paningin sa pamamagitan ng pagpipilit na ikulong sa loob ng isang konsepto ng sarili ang masalimuot at maraming salik na pumapalibot sa ating pagka-Filipino. Binabaligtad ito ng pagsasapilosopiya ng Filipino sa pamamagitan ng pamimilosopiya mula sa labas. Tinawag itong tuwad na daan dahil kabaligtaran ito ng nakagisnang pamimilosopiya na ang tanging layon ay maghanap ng katwiran. Taliwas sa pamimilosopiya mula sa loob, ang kalagayan, hindi ang kahulugan, ng pagiging Filipino ang hanap ng pamimilosopiya mula sa labas. Ang labas ang kumakatawan sa daigdig, sa kasaysayan, sa panahon kung saan ang Filipino ay matatagpuan. Sa labas, ang Filipino ay hindi isang konsepto kundi isang buhay na katotohanan na gumagalaw at nagbabago kasabay ng kasaysayan.

Kung hangad ng pilosopiya na maging makabuluhan sa Filipino, marapat lamang na bigkasin nito ang iba't ibang mukha ng kalagayan na kanyang kinasasangkutan. Ang pilosopiyang napako na sa diskurso ng nasyonalismo, ibig sabihin sa pagtatampok ng sariling-atin, ay magiging biktima ng kanyang sariling romantisismo kung hindi nito bibigyan ng tinig ang sitwasyong kinalalagyan niya. Ito, sa tuwad na daan, ang tuon ng pansin ng pamimilosopiya mula sa labas. Pagkilala ito sa ating pagka-Filipino bilang isang historikal na proseso.

Alternatibong maituturing ang pamimilosopiya mula sa labas, ang pagtahak sa tuwad na daan, sapagkat binabago nito ang pag-unawa sa gawain ng pilosopiya at sa konsepto ng nasyonalismo.

HASAAN

Ibinababa nito ang pilosopiya mula sa dating tore kung saan alam at tiyak niya ang lahat pababa sa larangan ng mga pangamba at baka sakali. Dito mismo magsisimula ang pilosopiya hindi upang maghari kundi para makisabay sa agos ng kasaysayan. Hindi niya rin hinuhubog ang mga pangyayari. Pumapaloob siya sa kasaysayan bilang isang saksi. Dito niya makikita kung gaano ka-imposible ng iwangis sa katwiran ang kasaysaysan dahil mas maraming bagay sa mundo ang walang katwiran o tahasang tumatangi sa katwiran: ang laganap na taggutom, ang pagkalat ng iba't ibang karamdaman, ang di mapuksang digmaan, kasakiman sa kapangyarihan, sobra-sobrang yaman sa harap ng malabis na kahirapan. Ilan lamang ito sa mga bagay na tumatambad sa pilosopiya at nagpapatunay sa kakapusan ng mga teorya at kategorya. Sa harap nila, walang paliwanag na makasasapat. Gaya ng sinasabi ni Adorno, hindi maaaring magkamukha ang katwiran bilang loob at hindi katwiran bilang labas. Hindi layunin ng pilosopiya na hanapan ito ng paliwanag. Ang pamimilosopiya mula sa labas ay nasa pagsisikap na makalikha ng mga kamalayan upang ang mga sitwasyong hindi makatwiran ay hindi na muling maulit pa. Sa ganitong paraan, ang kakapusan ng pilosopiya ay nagbibigay daan sa pag-asa. Hindi man ito mabanaag kung ano pero may pangako na iba ito sa kasalukuyang kalagayan.

Hindi rin isinisantabi ng pamimilosopiya mula sa labas ang nasyonalismo. Nagbibigay lamang ito ng bagong pag-unawa sa konseptong ito upang higit itong maging totoo kung nasaan tayo ngayon. Binanggit na sa simula na hindi tinatawaran ni Theodor Adorno ang nosyon ng sarili o loob. Ang tinututulan niyang mahigpit ay ang pagsusulong ng paniniwala na ang sarili o loob at ang daigdig o labas ay dapat maging magkamukha gaya ng pinapanukala ng Enlightenment. Mapamuksa ang ganitong kaisipan. Ang nasyonalismo bilang isang konsepto na nagsusulong ng sarili ay may ganitong posibilidad kung hindi ito babantayan. Ang kailangan sa kasalukuyan ay ang konsepto ng nasyonalismo na mapagbuklod, hindi mapagbukod; mapang-angkop, hindi mapanakop; mapanuri, hindi mapang-uri. Magagawa lamang natin ito kung sa pamimilosopiya natin, labas ang ating panggagalingan, kung tatahakin natin ang tuwad na daan. Kung tutuusin, hindi naman talaga tayo makakapasok sa loob kung hindi tayo manggagaling sa labas. Ang taong laging nasa loob at hindi lumalabas kahit kailan ay malamang may sakit o kaya nasa libingan. Ang masiglang pamimilosopiya ay nangangailangan hindi ng pagbabalik-loob kundi ng pagbabalik-balik sa loob at labas. Hindi kailangan mamayani ang isa laban sa isa. Kapwa sila kailangan sa pamimilosopiya. Napatunayan na natin sa kasaysayan ang masaklap na hantungan ng pamimilosopiya na idinikta ng loob o sarili lamang. Ang pamimilosopiya mula sa labas ay nagbubukas ng tuwad na daan. Huwag ninyong itanong sa akin kung saan tayo makararating. Ngunit kung itatanong ninyo kung may mararating tayo, isa lang ang sagot ko.

Meron.

Mga Sanggunian

- Adorno, Theodor. *Dialectics of Enlightenment*. Stanford, California: Stanford University Press, 2002. Nakalimbag.
- . "Meditations on Methaphysics: After Auschwitz" nasa *The Adorno Reader*. Brian O'Connor (Ed.). Oxford: Blackwell Publishing, 2000. Nakalimbag.
- . *Negative Dialectics*. New York: Continuum, 1997. Nakalimbag.
- . "Theses on the Language of the Philosopher" nasa *Adorno and The Need in Thinking: New Critical Essays*. Toronto: Toronto University Press, 2007. Nakalimbag.
- Cariño, Jovito V. "Re-thinking Filipino Philosophy with Gilles Deleuze"; hindi pa nalalathalang artikulong binasa sa *1st International Deleuze Studies in Asia Conference*, Taipei, Taiwan sa Mayo 31 – Hunyo 2, 2013.
- Constantino, Renato. "Veneration Without Understanding". Web.
- Jarvis, Simon. *Adorno: A Critical Introduction*. New York: Routledge 1998.
- Quito, Enerita S. *The State of Philosophy in the Philippines*. De La Salle University: Monograph Series 5, 1983. Nakalimbag.
- Rizal, Jose. *Events In The Philippine Islands*. Manila: National Historical Commission, 2011. Nakalimbag.
- Spinoza, Benedict, Prop. 13, Part II "The Nature and Origin of the Mind" nasa *Ethics Demonstrated in Geometrical Order*. Web.
- Zialcita, Fernando. *Authentic Though Not Exotic: Essays On Filipino Identity*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2005. Nakalimbag.